

# ANG IMPORTANSYA NG PAGIGING HANDA

## PUBLIC SAFETY POWER SHUTOFF

Bisitahin ang [PREPAREFORPOWERDOWN.COM](https://www.preparesfordown.com) ngayon upang matuto nang higit pa tungkol sa importansya ng pagiging handa.

**ANG BANTA NG MGA WILDFIRE (SUNOG SA GUBAT) AT MATINDING PANAHON SA CALIFORNIA AY TUNAY.** Bilang resulta, nagsasagawa ang tatlong pinakamalaking kompanya ng kuryente sa

California, sa direksyon ng California Public Utilities Commission (CPUC), ng mga hakbang upang tulungan ang lahat ng mga taga-California na maghanda para sa panganib ng mga wildfire at “blackout” (pagkawala ng kuryente) kapag mayroong matinding panahon. Upang matulungan ang mga customer at komunidad sa panahon ng matinding mga kaganapan sa panahon, maaaring putulin ang kuryente para sa kaligtasan ng publiko bilang pag-iwas sa wildfire. Tinatawag ito na **Public Safety Power Shutoff (Pagputol ng Kuryente Para sa Kaligtasan ng Publiko)**.

### Pagputol ng Kuryente para sa Kaligtasan

Bilang pag-iingat pangkaligtasan, sinusubaybayan ng San Diego Gas & Electric (SDG&E), Southern California Edison (SCE), at Pacific Gas and Electric (PG&E) ang mga lokal na panganib sa sunog at matinding kalagayan ng panahon sa buong California at sinusuri kung puputulin ang kuryente. Ang desisyon at pagkilos na putulin ang kuryente ng bawat kompanya ng kuryente ay batay sa kombinasyon ng mga kadahilanan. **Kabilang sa mga kadahilanan, ngunit hindi lamang ito:**



**MALAKAS NA HANGIN** (kabilang ang mga Babalang Red Flag)



**MABABANG KAHALUMIGMI-GAN**



**MGA TUYONG HALAMAN** na maaaring magsilbi bilang panggatong



**BANTA NG SUNOG** sa imprastruktura ng kuryente



**MGA OBSERBASYON** sa lupa o kinaroroonan



**PANGANIB SA KALIGTASAN NG PUBLIKO**

**Ano ang Maaasahan Mo** Kung kailangan ng Public Safety Power Shutoff dahil sa matinding mga kondisyon, maaari mong asahan:

- **Abiso ng Maagang Babala** – Lalayunin ng iyong kompanya ng kuryente na magpadala ng mga babala sa customer bago putulin ang kuryente.
- **Mga Patuloy na Update** – Magbibigay ang iyong kompanya ng kuryente ng mga patuloy na update sa pamamagitan ng social media, lokal na tagabalita, at sa kanilang website.
- **Pagsusuring Pangkaligtasan** – Matapos makalipas ang matinding lagay ng panahon, susuriin ng iyong kompanya ng kuryente ang mga linya sa mga apektadong lugar bago maibalik nang ligtas ang kuryente.
- **Pagpapanumbalik ng Kuryente** – Maaaring magtagal ang blackout ng ilang araw, batay sa kalubhaan ng panahon at ibang kadahilanan. Mahalaga na mayroon ka at ang iyong pamilya ng plano para sa kahandaan sa panahon ng emergency.

TINGNAN ANG KABILANG PANIG PARA SA MGA TIP SA KALIGTASAN



Ang [PREPAREFORPOWERDOWN.COM](https://www.preparesfordown.com) ay nagbibigay ng iba't ibang uri ng mga mapagkukunan, kabilang ang mga payo sa paghahanda para sa matinding panahon, mga wildfire, at mga Public Safety Power Shutoff. Makikita rin ang isang checklist (listahan ng mga gagawin) sa paghahanda para sa emergency at listahan ng mga karagdagang mapagkukunan sa likod ng fact sheet (listahan ng katunayan) na ito.

# PAKIKIPAGTULUNGAN KASAMA NG MGA TAGA-CALIFORNIA UPANG MAGHANDA

Kahit na inaasahang mas madalas magaganap ang mga Public Safety Power Shutoff sa mga lugar kung saan may mas mataas na panganib ng sunog, maaaring maapektohan ang lahat ng mga taga-California ng mga biglaang emergency at kailangang maging handa at may plano. Dapat rin i-update ng mga customer ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa kanilang kompanya ng kuryente upang makatanggap sila ng mga abiso. Sa ibaba ang mga hakbang na maaaring gawin mo at ng iyong pamilya para maging handa, kung magkaroon man ng blackout na magtatagal ng ilang araw.

## MANATILING LIGTAS. KUMILOS.

Gumawa ng iyong planong pang-emergency ngayon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga payo na nakalista sa ibaba:

- **I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan** sa iyong lokal na kompanya ng kuryente
- **Tukuyin ang mga panghaliling paraan ng pag-charge** ng mga telepono at magtago ng kopya ng mga pang-emergency na numero na naka-print o nakasulat sa papel
- **Magplano para sa anumang mga medikal na pangangailangan** tulad ng mga gamot na kailangan ilagay sa refrigerator o mga kagamitang kailangan ng kuryente
- **Magplano para sa mga pangangailangan ng mga alagang hayop**
- **Buuin o punuin muli ang iyong emergency kit** ng mga flashlight, bagong baterya, mga supply para sa first aid, at pera
- **Magtalaga ng isang lugar kung saan magtatagpo kung may emergency**
- **Alamin kung paano mabubuksan ng mano-mano ang pintuan ng iyong garahe**
- **Tiyaking handang paandarin nang ligtas ang anumang panghaliling generator**
- **Tukuyin ang mga kakaibang pangangailangan ng iyong pamilya at mga minamahal sa buhay sa iyong lugar para sa iyong plano sa emergency**

Ang karagdagang impormasyon sa paglikha ng plano sa emergency ay makukuha rin sa [prepareforpowerdown.com](http://prepareforpowerdown.com).

### MATUTO NANG HIGIT PA MULA SA IYONG LOKAL NA KOMPANYA NG KURYENTE



[sdge.com/wildfire-safety](http://sdge.com/wildfire-safety)



[sce.com/PSPS](http://sce.com/PSPS)



[pge.com/wildfiresafety](http://pge.com/wildfiresafety)

### Karagdagang Mga Mapagkukunan Para sa Kahandaan

- **ready.gov** – Impormasyon sa pagiging handa sa sakuna mula sa U.S. Department of Homeland Security
- **readyforwildfire.org** – Website ng CAL FIRE sa pagiging handa para sa wildfire
- **cpuc.ca.gov/wildfiresinfo** – Impormasyon sa mga gawain ng CPUC para maging ligtas mula sa wildfire
- **caloes.ca.gov** – Website ng Office of Emergency Services ng Gobernador ng California
- **firesafecouncil.org** – Website ng California Fire Safe Council
- **noaa.gov** – Website ng National Oceanic and Atmospheric Administration